# 1 ANO ANG NAGANAP SA AKIN?

**Sauluhing Talata: Pahayag 3:20**

Pangalan

______________________________________________

Tingnan sa inyong Bagong Tipan o Biblia ang mga sagot sa mga sumusunod na tanong. Kapag sinabing Juan 1:12, ito'y nangangahulugang ang aklat ni Juan, kabanatang 1, talatang 12. (Sa index sa unahan ng Bagong Tipan o Biblia nakasulat ang bilang nga mga pahina.) Basahin ang mga sagot mula sa Biblia, at isulat ito ayon sa iyong salita. Kung Bagong Tipan lamang ang nasa iyo, ang kasulatan mula sa Lumang Tipan ay kasamang nasusulat sa araling ito para sa iyo.

1. Nang tanggapin ko si Cristo sa Pamamagitan ng personal na paanyaya, ako'y naging ______________________ ng Diyos (Juan 1:12).

2. Ang pagpasok ni Cristo sa buhay o puso ng isang tao ay personal na relasyon kay Crisito at ang nagsitanggap sa Kanya, na siyang tinutukoy ni Cristo sa Pahayag 3:20.

   a. Sino ang kumakatok sa pintuan? (Tingnan sa Pahayag 1:1)

   ______________________________________________

   b. Sino ang makatutugon sa kanyang tinig at katok?

   ______________________________________________

   c. Ano ang nais niyang gawin ko?

   ______________________________________________

   d. Ano ang gagawin Niya kung buksan ko ang pintuan?

   ______________________________________________

e. Paano ko bubuksan ang pintuan? (Tingnan sa Pahayag 3:19.)

______________________________________________

f. Nabuksan mo na ba ang pintuan? ______________________

g. Nasaan si Jesu-Cristo ngayon? ______________________

3. Ang dahilan ng pagparito ni Cristo bilang paghahanap at pagligtas sa atin ay dahil tayo ay naging ______________. (Lukas 19:10)

4. Ayon sa Roma 3:23, ang ating pagkakawalay ay dahil sa anong katotohanan?

______________________________________________

5. Ano ang sinasaad ng Biblia na kabayaran ng kasalanan?
______________________________________ (Roma 6:23)

6. Sino ang namatay para sa aking kasalanan? Sa Isaias 53:6 sinasabi: "Tayong lahat na gaya ng mga tupa ay naligaw; tayo ay tumungo bawat isa sa kaniyang sariling daan; at ipinasan sa kaniya ng Panginoon ang kasamaan nating lahat." (Siyasatin sa Roma 5:8-9 sa lalong pagkilala kung sino ang namatay para sa atin.)

______________________________________________

7. Nang ipahayag ko ang aking mga kasalanan, ano ang ginawa ng Diyos? (I Juan 1:9) Huwag malito sa I Juan, na malapit sa hulihan ng Bagong Tipan (isa sa mga sulat ni Juan), at ang Mabuting Balita ayon kay Juan.

______________________________________________

8. Ano ang gagawin ko sa mga kasalanan na aking taimtim na ipinahayag at sinabi sa Diyos ang aking pagdaramdam dito? Ayon sa Isaias 55:7,

"Lisanin ng masama ang kaniyang lakad, at ng liko ang kanyang mga pag-iisip; at manumbalik siya sa Panginoon, at kaawaan niya siya: at sa aming Diyos, sapagkat siya ay magpapatawad ng sagana."

Guhitan ang mga salita na nagsasabi kung ano ang iyong gagawin sa iyong mga nakaraang kasalanan.

9. Ayon sa Efeso 2:8-9, ang paraan ng pagtanggap sa kasalanan a (piliin ang tamang sagot at lagyan ng tsek):

_____ a. Gumawa ng maraming mabuting gawa
_____ b. Subukin ang sarili sa paggawa ng matuwid
_____ c. Tumanggap ng kapatawaran ng Diyos sa pamamagitan ng panaaampalataya.

10. Subalit sa oras na natanggap natin ang kaligtasan at naging bago tayong nilalang kay Cristo, ang layunin ng Diyos para sa atin ay

_______________________________________________

(Efeso 2:10)

11. Sino ang ating nakilala sa pamamagitan ni Jesu-Cristo? (Juan 14:6,9) _______________________________________________

12. Ang I Juan 5:13 ay nagsasabi na kayong tunay na naniniwala o nananampalataya kay Jesu-Cristo, Anak ng Diyos, ay umaasa, nag-iisip, nababatid (bilugan ang tamang salita) na kayo'y may buhay na walang hanggan.

13. Kung sakaling ako'y mamatay ngayong gabi, saan ako pupunta? (Juan 6:45-47)

_______________________________________________

14. Maikling isaad kung paano mo nabatid na ikaw ay isang anak ng Diyos.

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

15. Ngayon na ako ay isinilang muli sa Espiritu at naging anak ng Diyos (Juan 3:3-7), kailangan ko ang pagkaing espiritual upang ako'y mabuhay at lumago. Ano ang pangunahing bagay sa aking tamang pagkain? (Mateo 4:4)

_______________________________________________

a. Kaya nga't basahin ang iyong Biblia araw-araw. Iyan ang unang bagay sa iyong wastong pagkain. Magbigay ng panahon sa bawat araw upang gawin ito. Magsimula sa pamamagitan ng pagbabasa ng Mabuting Balita ayon kay Juan - isang kabanata bawat araw. Bawat isa sa mga araling ito ng Biblia ay naglalaman ng mga tanong sa Juan at maging sa mga ibang aklat ng Biblia. Dalhin ang sauluhing talata para sa bawat aralin na nasa lalagyan at pag-aralan ito ng taimtim sa puso. Karagdagan dito ay may apat na paraan upang lumago ng espiritual.

b. Manalangin araw-araw. Makipag-usap sa Diyos mula sa iyong puso.

c. Dumalo sa pananambahan tuwing may pagkakataon sa iglesia na kung saan ang Biblia ay ipinangangaral at si Cristo ay itinataas.

d. Sundin ang Diyos. Kung hindi mo alam ang isang gawain ay tama o mali, itanong mo sa iyong sarili, "Ano ang gagawin ni Jesus?"

e. Magpatotoo. Magbahagi sa iba kung ano ang ginawa ng Panginoon sa iyo.

Ngayon ay naunawaan mong mabuti ang "Ano ang naganap sa akin". Subalit ito ay simula lamang ng iyong dakilang paglalakbay. Mayroon pang kasama ito.

---

"Narito ako'y nakatayo sa pintuan at tumutuktok; kung ang sinoman ay duminig ng aking tinig at magbukas ng pinto, ako'y papasakop sa kaniya, at hahapong kasalo niya, at siya'y kasalo ko" (Pahayag 3:20).

# 2 LUMALAKAD NA KAABAY ANG DIYOS

Sauluhing Talata: I Corinto 10:13

Pangalan: ____________________

Kung ang bata ay naisilang na pisikal, siya ay dapat magsimulang lumago. Ang mahalagang hakbangin na daranasin ay ang matutong lumakad. Gayundin naman sa buhay na espiritual. Ang anak ng Diyos (isinilang sa kapangyarihan ng Diyos) ay natututong lumakad na kaabay ang Diyos. Sa pagturing na ang buhay Cristiyano ay "paglakad na kaabay ang Diyos" ay nagpapahiwatig na ang Cristiyanismo ay isang relasyon sa Diyos at ito ay patuloy - hindi humihinto (paglakad), ito ay kaayaayang paglago - isang hakbang bawat sandali (paglakad). Si propetang Mikas ay nagbanggit ng isang pangunahing gawain ng tao ay "buong pagpapakumbabang sumunod sa iyong Diyos" (6:8).

1. Nang simulan mong magbasa ng Mabuting Balita ayon kay Juan, napansin mo ang ibat-ibang pahayag na ginamit ni Juan patungkol sa iisang kahulugan ng paglakad kaabay ng Diyos. Anu-ano ang mga ito?

   a. Juan 8:12 ____________________

   b. Juan 1:37 ____________________

   c. Juan 2:5 ____________________

   d. Juan 5:14 ____________________

2. Sino ang humahadlang sa ating paglakad at pagsunod sa Diyos? (I Pedro 5:8)

   ____________________

3. Ano ang ginawa ng diyablo sa Mateo 4:1?

   ____________________

4. Si Jesus ba'y nagpadala sa tukso? (Hebreo 4:15) __________
Ang mga tukso ba at kasalanan ay pareho? __________________

(Ang tukso ay nagsasabing, "Nais mong?" Ang kasalana ay nag-sasabing, "Nais kong")

5. Ano ang gagawin natin kung ang diyablo ay sasalakay sa atin? (Santiago 4:7)

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

6. Sa iyong salita: Ano ang kasalanan? (Tingnan sa I Juan 3:4 at Santiago 4:7)

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

7. Sa Isaias 59:2 sinasabing, "Ngunit ang sala mo ang nagiging dahilan kaya di marining ang dalangin mo, At siya ring dahilan sa paglalayo ninyo." Ang taning makapagwawalay sa akin mula sa Diyos ay

______________________________________________

8. Ang Cristiyano ba, sa pamamagitan ng kapangyarihan ni Cristo, ay makakaiwas ng tahasan sa kasalanan? (I Juan 3:9)

______________________________________________

9. Ano ang pangako ng Diyos sa atin kapag tayo ay tinutukso o sinusubukan?

(I Corinto 10:13) _____ Siya ay (markahan ang tamang sagot)

_____ Siya ay hindi

gagawa ng paraan upang tayo ay makaiwas o makayanan ang tukso.

10. Ano ang layonin ng sulat ni Juan tulad ng sinabi sa I Juan 2:1?

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

11. Halimbawa naman, kung ang Cristiyano ay nahulog sa kasalanan, siya, ayon sa I Juan 2:1, ay (markahan ang tamang sagot):

_____ (a) Sabihin niyang wala siyang magagawa kundi magkasala.

_____ (b) Pagtakpan ang kanyang kasalanan at isiping ito ay hindi naganap.

_____ (c) Lumapit agad kay Jesu-Cristo, ipahayag ang kasalanan, at patuloy na mamuhay para sa Diyos.

_____ (d) Sumuko at sabihing wala ng saysay ang mamuhay pa ng buhay Cristiyano.

12. Kung ang Cristiano ay nagkasala at ipinahayag ang kanyang kasalanan, ano ang gagawin ng Diyos? (I Juan 1:9)

______________________________________________________________

13. Ayon sa Juan 14:21, ang pagsunod sa mga kautusan ni Cristo ay nagpapatunay ng ano?

______________________________________________________________

14. Ayon sa Juan 10:27-29,

a. Sino ang may buhay na walang hanggan at hawak ng kapangyarihan ng Diyos?

______________________________________________________________

b. Upang maging tupa ni Cristo (tal. 27), dapat kong dinggin ang tinig ni Christo, kilala niya ako, at

______________________________________________________________

Narito ang mabuti at nararapat na payo: Lumakad kasama ang Diyos! Nangangahulugan na labanan ang tukso, sumunod sa Diyos, sumunod kay Jesus. Ang iba pang tuntunin para sa matagumpay na buhay at paglago aay matutunghayan sa susunod na pag-aaral.

"Wala pang pagsubok na dumating sa inyo na di dinanas ng lahat ng tao. Tapat ang Diyos, at hindi niya ipahihintulot na kayo'y subukin nang higit sa inyong makakaya. Sa halip, pagdating ng pagsubok, bibigyan niya kayo ng lakas upang mapagtagumpayan iyon" (I Corinto 10:13).

# 3 PAG-AARAL MULA SA DIYOS

Sauluhing Talata: Mga Awit 119:11

Pangalan: ______________________________

Kung iyong natuklasan na ang plano ng Diyos para sa mundo at para sa bawat isa ay naisulat sa isang aklat, gaano kahalaga ang aklat na ito sa iyo? Kung ang mga pangako ng Diyos sa iyo at mga inaasahan mo ay nasa aklat na ito na siya mong pag-aari, gaano katagal ang gugulin mong panahon sa pagbasa nito? Sa susunod na mga sandali, magigilalas ka sa iyong matutuklasan!

1. Ano ang sinabi patungkol sa salita ng Diyos sa Juan 17:17?
   Ang salita ng Diyos ay

   ______________________________

2. Paano ibinigay ang Kasulatan sa atin upang sa gayo ay magkaroon ng ganitong garantiya ng katotohanan? (II Timoteo 3:26)

   ______________________________

3. Ano ang gagawin ng salita ng Diyos (mensahe o kautusan) para sa atin, ayon sa:

   a. II Timoteo 3:15?

   ______________________________

   b. Juan 15:3?

   ______________________________

   c. Gawa 20:32?

   ______________________________

4. Nang basahin mo ang Mabuting Balita ayon kay Juan, napansin mo ba ang mga turo tungkol sa kahalagahan ng salita ng Diyos?

a. Ano ang ginawa ni Cristo sa salita (kautusan) ng kanyang Ama? (Juan 8:55) ______________________________

______________________________

b. Anong puwang ang salita ng Diyos (mensahe o katotohanan) sa buhay ng tao? (Juan 8:37)

______________________________

______________________________

c. Kung tayo ay nasa Diyos, ano ang gagawin natin sa kanyang Salita? (Juan 8:47) ______________________________

______________________________

d. Ano ang gagawin ng tunay na alagad ni Cristo sa kanyang Salita (pahayag o turo)? (Juan 8:31) ______________________________

______________________________

e. Ano ang gagawin natin sa Salita (kautusan, turo, o kawikaan) upang panatiliin ang buhay espiritual at buhay na walang hanggan? (Juan 8:51) ______________________________

______________________________

5. Kung mahal ko si Cristo, ano ang aking gagawin? (Juan 14:23)

______________________________

6. Sino ang tinutukoy sa nasusulat sa Salita, ______________________________ upang magkaroon ako ng anong kaloob______________________________? (Juan 20:31)

7. Maari tayong igupo ng diyablo sa ting mga buhay Cristiyano, subalit ang Diyos ay nagkaloob sa atin ng sandata na siyang makagugupo sa diyablo. Ito ay "ang tabak ng Espiritu, na siyang

______________________________"

(Efeso 6:17).

8. Paano nilabanan ni Jesus ang diyablo sa Mateo 4:4, 7, 10?

______________________________

9. Ano ang maari kong gawin sa Salita ng Diyos upang hindi ako magkasala laban sa Kanya, ayon sa Mga Awit 119:11: "Ang banal mong kautusa'y sa puso ko iingatan, Upang hindi magkasala laban sa iyo kailaman"?_______________________________

10. Anong katotohanan mula sa Salita ng Diyos ang nakatulong sa iyo sa nakaraan?

_______________________________________________

_______________________________________________

---

"Ang banal mong kautusa'y sa puso ko iingatan, Upang hindi magkasala laban sa iyo" (Awit 119:11).

Sauluhing Talata: Juan 16:24

Pangalan: ____________________

Sa dahilang tayo ay nakikipag-ugnay sa makapangyarihang Diyos, hindi kabigatan ang asahang ibigay natin sa Kanya ang pinakamabuti sa bawat araw. (Marami sa atin, ito ay nangangahulugang sa madaling araw.) Ano man ang oras, sa pag-iisa, ako ay nakikipag-usap sa Kanya at Siya ay nakikipag-usap sa akin. Ang manunulat sa Mga Awit ay nagsabi: "Sa dapit-umaga ang tinig ko'y dinggin; Ang katugunan mo sa aking pagdaing, Pagsikat ng araw, aking hihintayin." (Awit 5:3) Ating tunghayan ang ilan pang payo mula sa Biblia na ibinigay sa atin patungkol sa panalangin.

1. Si Jesus ba ay naniniwala sa pagkakaroon ng sariling panahon ng panalangin sa Kanyang Ama? (Marcos 1:35)

   ____________________

2. Kailan ako mananalangin? (Lukas 18:1)

   ____________________

3. Anong pagpapahayag ang dapat bahagi ng bawat panalangin? (I Tesalonica 5:17-18)

   ____________________

4. Ano ang pinakadahilan ng hindi natutugon na panalangin? "Kung sa kasalanan ako'y magtutuloy, Di ako diringgin nitong Panginoon" (Awit 66:18).

   ____________________

5. Ano ang nagtatakda kung ano ang ipanalangin natin? (I Juan 5:14)

   ____________________

6. Ano ang mga aral na natutunan mo mula sa Mabuting Balita ayon kay Juan tungkol sa panalangin?

a. Anong tanging karapatan mayroon ang bawat Cristiyano? (Juan 16:24)

______________________________________________

______________________________________________

b. Ang hangarin ng Diyos sa pagtugon ng panalangin ay

______________________________________________ (Juan 14:13)

c. Ano ang hinihiling ni Cristo sa atin upang tugunin niya ang ating mga kahilingan? (Juan 15:7)

______________________________________________

7. Sa hangarin makatanggap ng tugon, ano ang dapat kong gawin kapag manalangin? (Mateo 21:22)

______________________________________________

8. Mga ilang tanging bagay na aking maipapanalangin ay:

a. Mateo 6:11 ______________________________

b. Mateo 9:38 ______________________________

c. Pilipos 1:9 ______________________________

d. I Timoteo 2:1-2 ______________________________

e. Santiago 1:5 ______________________________

9. Ano ang makapag-iingat sa akin sa tukso (o pagsubok)? (Mateo 26:41)

______________________________________________

10. Ang pinakamabuting panalangin ay iyong mga (markahan ang tamang sagot):

_____ a. Gumagamit ng wasto at relihiyosong salita
_____ b. "Wari'y parang nanalangin"
_____ c. Nagmumula sa aking puso

11. Ano ang iyong mga plano sa iyong sariling panalangin sa Panginoon?

_______________________________________________

_______________________________________________

Marahil hindi mo napagwari kung gaano kahigit ang iyong natatanging karapatan sa pakikipag-usap sa makapangyarihang Diyos. Ang lahat na pag-ibig at pagpapala na ipinamalas niya sa iyo ay nagbigay dahilan upang ikaw ay magnais gumawa ng mga bagay para sa Kanya, hindi kaya? Pag-aralan ang susunod na aralin.

---

"Hanggang ngayon ay wala pa kayong hinihingi sa kanya sa pangalan ko; humingi kayo, at kayo'y tatanggap, upang malubos ang inyong kagalakan" (Juan 16:24).

# 5 BAHAGI NG BUHAY SA DIYOS

Sauluhing Talata: I Corinto 10:31

Pangalan:

______________________________________________

Kung tunay na pinaniniwalaan ko ang isang bagay, itataguyod ko ito ng lubos. O Diyos, ako'y tunay na nananampalataya sa iyo ngayon, hindi tulad noong nakaraan! Kaya nga't nais kong ikaw ay malugod at paglingkuran at ibahagi ang lahat ng nasa akin para sa iyo. Si Apostol Pablo ang nagsaad ng ganito - ito'y aking nabasa - "Kaya nga, kung kayo'y kumakain o umiinom, o anuman ang ginagawa ninyo, gawin ninyo ang lahat sa ikararangal ng Diyos". (I Corinto 10:31) Sa malaking bagay at maging maliit man, sa ano mang aking ginagawa, aking tinatanong, "Ito kaya'y nagpaparangal sa Diyos?".

1. Ayon sa Mateo 22:36-40,

   a. Gaano ko mamahalin ang Diyos?

   ______________________________________

   b. Gaano ko mamahalin ang aking kapwa?

   ______________________________________

2. Paano ko ipinahahayag ang pag-ibig sa Diyos at sa iba? (I Juan 5:2-3)

   ______________________________________

3. Ano ang masasabi ni Juan tungkol sa lubos na pagtatalaga sa Diyos at sa kanyang layunin?

   a. Upang ang butil ng trigo ay magbubunga ng higit na ani, ano ang dapat nitong gawin? (Juan 12:24-25)

   ______________________________________

b. Kung paglingkuran ko si Cristo sa halip na aking pansariling kapakanan ano ang gagawin ng Amang Diyos? (Juan 12:26)

______________________________________________

______________________________________________

4. Ngayon, bilang Cristiyano, ako ay may bago nang pakikitungo sa lahat ng kaugnayan ko sa buhay sapagkat ako'y may bago nang relasyon sa Diyos. Nang ako'y "na kay Cristo" (ang Cristiyanong nakikiisa kay Cristo), ang dating gawain ay nakalipas na at pinalitan ng ______________________________ (II Corinto 5:17).

a. Ang bagong pakikitungo ko sa mga bagay:

(1) Ngayon nais kong magbigay, magtago (bilugan ang tamang sagot). (Lukas 6:38)

(2) Markahan ang tatlong tamang pakikitungo sa mga bagay na nahayag sa Efeso 4:28:

_____ a. Huwag nang magnakaw

_____ b. Maging masigasig na manggagawa

_____ c. Itabi lahat para sa aking sarili

_____ d. Ibahagi sa nangangailangan

_____ e. Magnakaw kung maari

_____ f. Maging tamad

b. Ang bago kong relasyon sa iba:

(1) Ako'y maging ______________________________ sa iba (Efeso 4:32)

(2) Dapat kong iwasan, hangarin (bilugan ang tamang sagot) ang pakisama sa di mananampalataya, upang sa gayon ay makapaglingkod sa katuwiran. (II Corinto 6:14)

c. Ang bago kong relasyon sa aking sarili:

(1) Sa pag-aalaga, pag-aayos at paggamit ng aking katawan, dapat kong alalahanin na ito ay templo ng

_______________________________________________

(I Corinto 6:19).

(2) Dapat kong ______________________ ang aking panahon at pagkakataon. (Efeso 5:16)

5. Ako'y iibig ______________________ (I Juan 2:10), at hindi iibig __________________________________ (I Juan 2:15-16).

6. Ano ang inaasahan ng Diyos sa atin sa pagpaparangal sa Kanya? (I Corinto 6:20)

_______________________________________________

7. Kung aking uunahin ang kaharian ng Diyos at ang kanyang katuwiran (katarungan o kabanalan), ano ang resulta o bunga nito? (Mateo 6:31-33)

_______________________________________________

_______________________________________________

8. Sa pagtugon sa pag-ibigg ng Diyos sa atin, ibinahagi natin ang ating buong buhay sa Diyos, sino ang tumatanggap na higit sa bandang huli? (Marcos 10:28-30)

_______________________________________________

9. Upang tunay na makibahagi sa Diyos, ako'y

_______________________________________________

_______________________________________________

Ang mga katotohanang ito ay magbubukas ng daan tungo sa nakagagalak na pakikibahagi ng ating sarili sa Diyos. At mayroon natatanging uri ng pagbabahagi na ating ginagawa kapag pinag-uusapan natin tungkol kay Cristo para sa iba. Ito ay tinatawag na pagpapatotoo, at ang susunod na pag-aaral ay nagsasabi tungkol dito.

---

"Kaya nga kung kayo'y kumakain o umiinom, o anuman ang ginagawa ninyo, gawin ninyo ang lahat sa ikararangal ng Diyos" (I Corinto 10:31).

Sauluhing Talata: Mateo 4:19

Pangalan: ______________________________________________

Ipalagay mong nakatagpo mo ang isang dating kaibigan na ang kalusugan ay napakahina at noon ay hindi mo na inaasahang siya'y magtatagal pa. Ngayon, nalalarawan sa kanya ang kalusugan. Sinabi niya na nakatagpo siya ng isang manggagamot na siyang nakapagpagaling sa kanya. Subalit ayaw sabihin ng iyong kaibigan kung sino at saan nakatira ang mangngagamot na iyon. "Imposible!" ang wika mo. Gayunman, ilan ang mga pinnumbalik ng lubos ni Cristo sa buhay espiritual at pinabayaan ang magsabi sa iba kung paano rin sila makasusumpong nga lunas. Pagpapatotoo ay pagsasabi kung ano ang ginawa ni Cristo para sa iyo.

1. Ang pagpapagaling ni Cristo sa isang kinasihan ng masamang espiritu ay sinundan ng isang kautusan. Ano ang maaring kahulugan ng "tagapagpatotoo" na iyong natagpuan dito? (Lukas 8:39) ______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

2. Ang Mabuting Balita ayon kay Juan ay nagtuturo sa atin ng tungkol sa pagpapatotoo.

   a. Batay sa Juan 3:23, ang magpatotoo ay magbahagi (markahan ang tamang sagot:

      ____ (1) Kung ano ang naituro sa iyo bilang katotohanan.

      ____ (2) Kung ano ang iyong narining sa iba.

      ____ (3) Kung ano ang iyong nakita at narining (ang iyong sariling karanasan).

b. Ano ang ginagawa ni Andres sa Juan 1:40-41?

______________________________________________

c. Ano ang sabi ni Jesus na pangunahing tungkulin ng Cristiyano? (Juan 6:28-29) ______________________

______________________________________________

d. Ano ang pinapagawa niya sa atin ayon sa Juan 15:16?

______________________________________________

______________________________________________

3. Ano ang pinakadakilang pangyayari na naganap sa iyo?

______________________________________________

______________________________________________

4. Ang dakilang kabutihang maipakita ko sa iba ay

______________________________________________

______________________________________________

5. Ano ang inuutos ni Jesus sa atin sa Mateo 28:18-19?

______________________________________________

______________________________________________

6. Sa anong pangyayari nakibahagi ang mga naunang Cristiyano bilang tanda na tinanggap nila si Cristo? (Gawa 8:12, 35-38)

______________________________________________

Ginawa mo na ba itong pagpapahayag ng iyong pananampalataya? (Markahan ang isa)

___ OO ___ Hindi ___ Pinag-iisipan ko pa.

7. Ano ang batayan ng mga taong hindi sumasampalataya kay Cristo? (Juan 3:18)

______________________________________________

8. Kung ako ay tapat na sumunod kay Cristo, ang kanyang pangako ay

______________________________________________

(Mateo 4:19)

9. Ayon sa I Pedro 3:15, ihanda ko ang aking sarili sa pagiging saksi para kay Cristo sa pamamagitan ng

______________________________________________

______________________________________________

10. Saan nakipagtagpo si Pablo sa mga tao upang ipahayag si Cristo sa kanila? (Gawa 17:17; 20:20)

______________________________________________

______________________________________________

11. Bakit kailangang nakatuon kay Cristo ang ating patotoo? (Juan 14:6)

______________________________________________

______________________________________________

12. Bilang saksi ni Cristo, ano ang ating mensahe sa mga taong wala si Crissa kanilang buhay?

Roma 6:23-- ______________________________________________

______________________________________________

Roma 3:23--

______________________________________________

______________________________________________

Isaias 53:6-- "Tayong lahat na gaya ng mga tupa ay naligaw; tayo ay tumungo bawat isa sa kaniyang sariling daan; at ipinasan sa kaniya ng Panginoon ang kasamaan nating lahat."

Juan 1: 12-- ______________________________________________

______________________________________________

13. Pagkatapos na tanggapin ng isang tao si Cristo, ano ang ating tungkulin sa kanya? (Gawa 14:21-22) ______________________

______________________________________________

14. Ang mabisang saksi o pagpapatotoo ay kinalooban ng tatlong bahagi:

(1) Ano ang aking buhay bago ako naging Cristiyano

(2) Paano ako naging Cristiyano

(3) Ano ang kahulugan ni Cristo sa king buhay

Sumulat ng maikling patotoo na maaring ibigay sa isang kaibigan.

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

15. Magtalaga ng tatlong pangalan na alam mong kailangan si Cristo at sila mong ipapanalangin at pagpapatotohanan kapag may pagkakataon.

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

Subalit sa kabila na alam mo na dapat ibahagi ang tungkol kay Cristo sa iba, ikaw ay natatakot sa paggawa nito. Saan ka kukuha ng kapangyarihan sa pagpapahayag sa kabila ng takot? Iyan ang pag-aaralan sa susunod na aralin.

---

"Sumunod kayo sa akin, at gagawin ko kayong mamamalakaya ng mga tao" (Mateo 4:19).

# 7 PAGKAPUSPOS NG ESPIRITU NG DIYOS

Sauluhing Talata: Efeso 5:18

Pangalan:

______________________________

Ilang beses banggitin ng isang Cristiyano, "Nais kong makagawa ng mas marami pa para sa Diyos, ngunit kulang ang aking kakayahan". Isa lang ang katugunan sa suliraning ito - ang Cristiyano ay dapat magkaroon ng sapat na kapangyarihan ng Diyos sa pamamagitan ng pagkapuspos ng Espiritu. Kaya nga wika ni Pablo sa mga mananampalataya sa kanyang kapanahunan, "mangapuspos kayo ng Espiritu Santo" (Efeso 5:18).

1. Ginugol ni Jesus ang maraming panahon sa pagturo sa kanyang mga alagad tungkol sa Espiritu Santo, at itinala ni Juan ang ilan sa mga aral na ito.

   a. Sino ang binanggit ni Jesus na magbigay sa atin ng umaapaw na karanasan sa Diyos (gaya ng ilog na buhay na tubig)? (Juan 7:38-39)

   ______________________________

   b. Sino ang magtuturo sa atin? (Juan 14:20)

   ______________________________

   c. Kanino "maging saksi" ang Espiritu Santo ng katotohanan upang siya'y maghayag, magpatotoo? (Juan 15:26)

   ______________________________

   d. Sa anong yugto ng buhay Cristiyano unang nagtrabaho ang Espiritu Santo? (Juan 3:5)

   ______________________________

2. Kanino nanggaling ang kapangyarihan upang maging saksi ang mga alagad ni Cristo? (Gawa 1:8)

______________________________________________

______________________________________________

3. Ano ang kinailangang espiritual ni Pablo, kahit na tinanggap na niya si Cristo? (Gawa 9:17)

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

4. Ang mga bagay na humahadlang sa pagkapusppos ng Espiritu ang isang tao ay ipinakita sa iglesya sa Corinto. Ipinakita nila ang mga maling gawa tulad ng pagseselos o pagkainggit, ito'y nagpatunay na sila parin ay

______________________________________________ (I Corinto 3:1,3).

5. Ano ang tanging gawain ng Espiritu Santo upang mapawi ang hadlang sa kanyang tuluyang pagpuspos sa atin at gawin tayong malinis, banal, at ihiwalay para sa Diyos? (I Pedro 1:2)

______________________________________________

______________________________________________

6. Noong ipagkaloob ng Diyos ang Espiritu Santo sa mga unang mananampalataya, ano ang ginawa niya sa karumihan at dungis ng kanilang puso? (Gawa 15:8-9)

______________________________________________

______________________________________________

7. Ano ang gagawin natin sa ating mga makasalanang pag-uugali na nasa ating mga puso? (II Corinto 7:1)

______________________________________________

8. Gaano kaganap ang nais ng Diyos tungkgol sa pagkalinis ng ating puso (kalinisan o kabanalan)? (I Tesalonica 5:23)

______________________________________________

9. Ang tuntunin ng ______________________________ ay pinalaya niya ako mula sa batas ng kasalanan at kamatayan (Roma 8:2).

10. Ang maling pag-uugali ng mga taga Corinto (I Corinto 3:1-3) ay nagpapakita na kulang sa kanila ang pinakamahalagang katangian sa buhay Cristiyano. Ito ay

______________________________________________

(I Corinto 13:13).

11. Tinanggap ko ang pag-ibig ng Diyos na galing

______________________________________________

(Roma 5:5).

12. Pagkatapos na ako ay puspos ng Espiritu Santo, anong ugnayan ko sa kanya ang dapat kong panatiliin? (Roma 8:4)

______________________________________________

______________________________________________

13. Ang malinis at binigyang kapangyarihan na buhay Cristiyano ay yaong puspos ng Espiritu. Ito ay dadaloy sa iba. Nais mo bang mapuspos ng Espiritu? May apat na hakbang:

   a. Hilingin sa Diyos na ipagkaloob sa iyo ang Espiritu sa kanyang kabuuan (Lukas 11:13).

   b. Ipagkaloob ang iyong buong buhay sa Diyos (Roma 12:1-2).

   c. Tanggapin ang iyong pangangailangan ng pagkalinis at paghugas ng kalooban (Gawa 15:8-9).

   d. Tanggapin ang paglinis ng Espiritu sa pamamagitan ng pananampalataya (Gawa 15:8-9, I Tesalonica 5:23-24).

---

"Huwag kayong maglalasing, sapagkat nakasisira iyan ng maayos na pamumuhay. Sa halip ay sikapin ninyong mapuspos kayo ng Espiritu Santo" (Efeso 5:18).

Sauluhing Talata: Hebreo 10:25

Pangalan: ______________________________

Naisip mo ba na noong tinanggap mo si Cristo Jesus hindi mo lang natagpuan ang iyong makalangit na Ama, kundi pati ang iyong buong bagong pamilya? Bawat tunay na Cristiyano ay kapatid mo. Ang bagong pamilya mong ito ay ang "iglesya". Sikaping ipakita ang pagmamahal sa iyong bagong pamilya.

1. Ang Biblia ay tinukoy niya ang mga tagasunod ni Jesus sa ibat-ibang paraan. Ilista ang tatlong tawag upang ilarawan ang mga tagasunod ni Cristo sa Gawa 11:26.

   (a) ______________________________

   (b) ______________________________

   (c) ______________________________

2. Yamang tayo ay dapat magtulungan bilang Cristiyano, ang Iglesya ay tinatawag na ______________________________ (I Corinto 12:27).

3. Sino ang ulo ng Iglesya? (Efeso 5:23)

   ______________________________

4. Anong gawa ni Cristo ang nagpapakita sa atin kung gaano kahalaga ang Iglesya sa kanya? (Efeso 5:25)

   ______________________________

5. Upang maging bahagi ng Iglesya, ano ang dapat kong ugnayan kay Cristo? (Efeso 5:24)

   ______________________________

6. Saan nagturo si Pablo tungkol kay Cristo? (I Corinto 4:17)

_______________________________________________

7. Anong aral ang itinuro sa iyo ng Magandang Balita ni Juan tungkol sa Iglesya?

   a. Paano malalaman ng mundo na ako ay kapanalig sa tunay na Iglesya (mga tagasunod ni Cristo)? (Juan 13:35)

   _______________________________________________

   _______________________________________________

8. Paano ko pakitunguhan ang kapwa ko kaanib ng iglesya? (Galatia 6:2)

_______________________________________________

9. Kung ang Espiritu Santo ay nagkakaloo ng kaloob sa bawat mananampalataya ano ang kanyang layunin dito? (I Corinto 12:4,7) _______________________________________________

_______________________________________________

10. May mga ilang iglesyang malakas at mapagmahal, mga iba ay hindi. Alin sa mga sumusunod na iglesya ang nais mong itayo o makasama? (Markahan ang isa)

_____ a. Ang iglesya sa Jerusalem (Gawa 4:32-33)

_____ b. Ang iglesya sa Laodicea (Pahayag 3:14-17)

11. Ano ang hangganan ng pagkagusto ng mga naunang mananampalataya sa mga alagad, pagsasamasama, pagbabahagi ng tinapay at panalangin? (Gawa 2:42)

_______________________________________________

12. Ano ang aking iingatan kung nais kong malugod ang Panginoon? (Hebreo 10:25)

_______________________________________________

13. Mga ilang kadahilanan kaya aanib ako sa iglesya

_______________________________________________

_______________________________________________

---

Sa pamamagitan ng iyong pananampalataya, ikaw ay nakipag-isa kay Cristo, at sa espiritual na bagay, pati na sa lahat ng mga tunay na Cristiyano. ngayon dapat mong isipin ang hakbang upang ikaw ay maging kaanib sa iglesya. Ang samahang ito ay mahalaga at ang tungkulin ay dapat magkaisa sa lahat ng mga bagay hanggat maari. Sa tulong ng inyong iglesya at pastor, ikaw ay patuloy na lumago kay Cristo. binabati kita sa pagtapos mo sa pag-aaral na ito. Maraming magagandang bagay ang nakalaan sa iyo habang patuloy kang makipag-isa sa Diyos!

---

"At huwag kaligtaan ang pagsalo sa ating mga pagtitipon gaya ng ginawa ng ilan, kundi palakasin ang loob ng isat-isa lalo na ngayong nakikiita nating nalalapit na ang pagdating ng Panginoon" (Hebreo 10:25).